

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton magho-host sa pinakaunang Araw ng Kabataan, sa online event para suportahan at palakasin ang kabataan

BRAMPTON, ON (Agosto 21, 2020) – Ang COVID-19 Task Force para sa Suporta sa Kabataan ng Lungsod ng Brampton ay magpipresenta sa Araw ng Kabataan (Youth Day) sa Huwebes, Setyembre 3 mula 12 hanggang 3 pm! Sumali sa amin para sa kapana-panabik na hanay ng mga tagapagsalita at isang bukas na Tanong at Sagot na naka-stream online.

Hino-host ni Cristina Howorun ng City TV, ang Araw ng Kabataan ay isang birtwal na espasyo para sa mga kabataan na makarinig ng mga kwento ng pag-asa, matuto ng mga paraan para matutong mag-cope, at manatiling inspired sa 2020. Pakinggan ang mga komento mula kay Mayor Patrick Brown, Mga Konsehal ng Lungsod Charmaine Williams at Harkirat Singh, at mga kwento mula sa limang ekspertong tagapagsalita tulad ng sumusunod.

- Ipinipresenta ng BELL ang Kalusugan ng Isip – talunin ang pagkabalisa gamit ang Plan B kasama ang ekspertong si Yonah Budd
- Kontra Rasismo kasama ang nagtatag ng One Voice One Team Youth Leadership Organization na si Orlando Bowen
- LGBTQ+ Pagkakapantay-pantay kasama ang celebrated host, writer at producer na si Daniel Pillai
- Transparency sa mga Influencer, kasama ang fashion guro na si Sandy Lion
- Pambu-bully kasama ang motivational na tagapagsalita ng pagkakaiba-iba at pagpapasali na si Anthony McLean

Magwawakas ang hapon sa engaging na bukas na Tanong at Sagot na nagtatampok ng lahat ng tagapagsalita.

Ang Araw ng Kabataan ng Brampton ay ipinagmamalaking inisponsor ng BELL, CN, RBC at EB Games.

Kailangan ang pagpaparehistro para makadalo. Paki-email ang events@brampton.ca para kumpirmahin ang pagdalo at tanggapin ang impormasyon ng pag-login para makasali sa event. [Bisitahin ang Brampton.ca/bramptonyouthday](https://www.brampton.ca/bramptonyouthday) para sa kabuuang event at mga detalye ng tagapagsalita.

COVID-19 Task force para sa Suporta sa Kabataan

Ang COVID-19 Task Force para sa Suporta sa Kabataan ng Lungsod ng Brampton ay kapwa pinapangunahan nina Konsehal ng Lungsod Charmaine Williams at Harkirat Singh. Sumusuporta ang task force sa mga pangangailangan ng mga kabataan ng Brampton na may edad na 14 hanggang 29, sa panahon ng COVID-19 pandemic sa pamamagitan ng mga resource at mga suporta, pakikipag-ugnayan sa higit sa 40 lokal na mga samahan na naglilingkod sa mga kabataan, nagpapanatili sa mga bata na engaged online sa bahay, at mas marami pa. [I-click dito para sa mas maraming impormasyon.](#)

Designasyon ng Komunidad na Nakakabuti sa Kabataan

Sa taon na ito, ang Lungsod ng Brampton ay tumanggap ng designasyon na Platinum Status Youth Friendly Community mula sa Play Works, isang programa na sinusupportahan ng Parks and Recreation Ontario. Ito ang ikatlong pagkakataon na kinilala ang Lungsod para sa outstanding na commitment nito sa mga pagkakataon ng pag-unlad at pag-develop para sa kabataan, at isa sa tatlong komunidad na tatanggap ng designasyon na top platinum sa taon na ito. [I-click dito para malaman ang mas marami pa.](#)

Mga Quote

“Bilang lider sa mga pagkakataon para sa kabataan, muli ang Brampton ay nagbigay ng daan sa ating pinakaunang Araw ng Kabataan para sa kabataan sa ating komunidad. Ang COVID-19 Task Force para sa Suporta sa Kabataan ay nilikha para palahukin ang kabataan ng Brampton sa makahulugang mga paraan at tulongan sila na umunlad sa panahon ng COVID-19 pandemic. Ang online event na ito ay isang direktang resulta ng commitment na ito at hinihikayat ko ang lahat na dumalo nitong inspirational na hapon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Alam natin na ang 2020 ay naging isang mahirap na panahon para sa kabataan sa Brampton. Ang event na ito ay nilikha para makatulong sa pagsuporta at pagpapalakas sa mga kabataan sa ating komunidad, bilang bunga ng mga pakikipag-usap natin sa kanila sa pamamagitan ng COVID-19 Task Force para sa Suporta sa Kabataan. Narinig natin na nangangailangan ang ating komunidad at nagawa nating mapagbigyan ang mga ito.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Kasamang Pinuno, COVID-19 Task Force para sa Suporta sa Kabataan, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga kabataan ng Brampton ay matapang, ambisyoso, at nagbibigay-sigla, at inimbita natin ang ekspertong mga tagapagsalita kaugnay ng espesyal na mga paksa para suportahan ang kanilang maliwanag na kinabukasan at ipagpatuloy ang momentum na iyon. Ang COVID-19 Task Force para sa Suporta sa Kabataan ay dedicated sa pagsuporta sa kabataan sa Brampton.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Kapwa Pinuno, COVID-19 Task Force para sa Suporta sa Kabataan, Lungsod ng Brampton*

“Ipinagmamalaking ipresenta ng Lungsod ng Brampton ang Araw ng Kabataan, na nagtatampok ng engaging na hanay ng mga tagapagsalita tungkol sa mga usapin na may-saysay at mahalaga para sa kabataan ngayon. Ang dedikasyon ng Konseho at staff ng Lungsod sa kabataan ng Brampton ay nagpapapossible sa event na ito, at ayaw mo itong makakaligtaan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Bampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca